## MGA DAPAT TANDAAN

Ang pag-alam sa iyong **Return on Investment (ROI)** ay makakatulong para malaman kung ang perang ginagastos mo ba ay nakakapag-generate ng malaking kita para sa iyong negosyo.

Upang malaman ang **ROI**, kunin ang halaga ng iyong kinita, ibawas ang pangkalahatang gastusin, at pagkatapos ay i-divide ito sa iyong mga pangkalahatang gastusin.

Kung magnenegosyo ka, mas maganda sanang malaman mo muna kung gaano ba karami ang magiging mamimili mo. Kung may ideya ka na, mas madali mong malalaman kung magkano ang kikitain mo.



**Sundan sina**



EKO & MIYA

**sa social media para madagdagan ang kaalaman tungkol sa ekonomiya.**

PAMBANSANG PANGASIWAAN SA KABUHAYAN AT PAGPAPAUNLAD
REPUBLIKA NG PILIPINAS

www.neda.gov.ph
@NEDAhq
/AmbisyonNatin2040
/NEDAhq

EKO & MIYA

*presents*

# Return on Investment




Aba! Ano'ng meron, Eko?
Magnenegosyo ako, Miya. Kaya lang kailangan ko ng mga investor.
At gusto mong mag-invest ako sa iyo?
S'yempre!
Patingin naman ng ROI niyang negosyo mo.
Hehehe... Ano'ng ROI?
Ang ROI o Return on Investment ay 'yung kitang babalik mula sa mga nagastos o ipinuhunan mo para sa isang bagay o produkto.
Kaya kung nag-invest ako sa'yo, dapat alam ko ang magiging ROI ko.
Eh di kung mag-invest ka ng 1,000 sa akin, ibabalik ko 'yung 1,000 sa iyo.
Eh di wala na kaming kinita. Hindi investment 'yun. Nanghiram ka lang ng pera nang walang interest.
Ilang percent ba ng puhunan mo ang manggagaling sa investor?
Uhmmm... Mga kalahati siguro.
Ayun, eh di 50% din ng kikitain mo ang ilalaan mo para sa kanila. O pwede ring depende sa napagkasunduan n'yong hatian.
'Yung ROI nila ay kung magkano ang matatanggap nilang kita.
Ahhhhhhh... Paano nga ulit?
Basta dapat mong ipaalam sa investors mo kung kikita ba sila, kailan, at kung magkano ang kikitain nila.
Okay, gets ko na. Madali lang pala.
Ayon sa computation ko, within 6-months ay kikita na ako ng ganito. Sa loob ng 1 year ay bawi na ang puhunan natin at bago matapos ang year 2 ay may ganito nang profit.
At hati tayo dun kung 50% n'yan ang investment ko.
'Yun ang ROI mo!
Sigurado ka ba diyan?
Aba! Sa tulong ng mga investor ko...
s'yempre naman!
At paano ka naman naging ganyan ka-confident, ha?
Para madagdagan ang kaalaman tungkol sa ekonomiya,
sundan sina Eko at Miya sa
AmbisyonNatin2040